

ANONG DAPAT KONG MALAMAN KAPAG IPINAPATALA ANG AKING MGA ANAK SA MGA PAMPULIKONG BENEPISYO?

MARSO 2021

Ang mga programang tulad ng Medicaid, CHIP, ACA Marketplace Coverage, Agahan at Pananghalian sa Paaralan (School Breakfast & Lunch), WIC at SNAP ("mga food stamp") ay tumutulong sa iyong mga anak na magkaroon ng mas malusog na pamumuhay. Maaaring may mga tanong ka tungkol sa kung makakaapekto ba sa iyong status sa imigrasyon o sa iyong aplikasyon sa green card ang paggamit ng iyong anak sa mga programang pangkalusugan at nutrisyon. Sinasagot ng dokumentong ito ang mga madalas na itanong upang matulungan kang makapagdesisyon nang mabuti para sa iyong pamilya.

Kung tumanggap ang aking anak ng tulong para sa kalusugan o nutrisyon, mas magiging mahirap bang makakuha ako ng green card? Hindi. Hindi isinasaalang-alang ang mga programang pangkalusugan at nutrisyon sa mga aplikasyon sa green card, maliban sa pangmatagalang pangangalaga (tulad ng isang nursing home) na ang pamahalaan ang nagbabayad. Ang mga benepisyo sa kalusugan o pagkain na nakukuha ng iyong mga anak o iba pang kapamilya ay iba mula sa mga benepisyo na natatanggap mo mismo. Ang paglagay ng iyong pangalan sa aplikasyon ng iyong anak ay HINDI nangangahulugan na nag-a-apply ka ng mga benepisyo para sa iyong sarili.

Kailangan ko bang ibigay ang aking impormasyon kapag ini-a-apply ko ang aking anak para sa mga benepisyo? Kailangan mong ibigay ang ilang impormasyon mo. Kinakailangan sa aplikasyon ang impormasyon ng kita ng lahat ng iyong pamilya, kahit na hindi sila mismo ang nag-a-apply para sa mga benepisyo. Gayunpaman, hindi mo kailangang ibigay ang iyong social security number o impormasyon tungkol sa iyong status sa imigrasyon kung nag-a-apply ka lamang para sa mga benepisyo para sa iyong mga anak. Maaari mong iwanang blangko ang seksyong ito.

Kailangan ko bang magbayad sa pamahalaan para sa mga benepisyong ginamit ang aking U.S Citizen na anak? Hindi. Kwalipikado ang iyong anak para sa mga benepisyo, hindi kailangang bayaran ng iyong pamilya ang mga benepisyong iyon sa hinaharap.

Gagamitin ba ng tagapagpatupad ng imigrasyon ang impormasyon na inilagay ko sa aplikasyon ng aking anak? Hindi. Anumang impormasyon na inilagay mo sa aplikasyon ay gagamitin lamang para tukuyin ang pagiging kwalipikado ng iyong anak at para patakbuhan ang programa. Hindi maaaring ibahagi ang impormasyong ito sa tagapagpatupad ng imigrasyon.

Paano kung hindi ako dokumentado? Kung hindi ka dokumentado at nag-apply para sa isang kapamilya, hindi ka dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa iyong status sa imigrasyon. Sa halip, maaari mong sabihin o isulat ang "I am not applying for this program for myself (Hindi para sa sarili ko ang pag-a-apply sa programang ito)".

Mas mahihirapan ba akong makakuha ng green card kapag tumanggap ako ng tulong para sa COVID-19 o pandemya? Hindi. Ang isang uri lamang ng tulong na maaaring isaalang-alang sa iyong aplikasyon para sa green card ay ang kasalukuyang cash assistance at pangmatagalang pangangalaga na ang pamahalaan ang nagbabayad. Hindi makakaapekto sa iyong status sa imigrasyon o aplikasyon sa imigrasyon ang pagtanggap ng tulong para sa COVID-19 at panandaliang tulong para sa pandemya. Kasama rito ang pagpapasuri sa COVID-19, pagpapagamot, mga bakuna, mga stimulus check, isang beses na pinansyal na tulong, P-EBT, at mga credit sa buwis para sa may anak.